



# Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Child & Youth Services  
Public Guardian and Trustee  
700-808 West Hastings Street,  
Vancouver, BC V6C 3L3  
Telepono: 604.775.3480  
Email: [cys@trustee.bc.ca](mailto:cys@trustee.bc.ca)

ng kanilang interes, o kapag ang mga magulang ay wala nang kakayahang mag-alaga ng kanilang mga anak, ang probinsiya ang aako ng responsibilidad bilang tagapag-alaga.

Ang PGT ang magiging property guardian o tagapag-alaga ng ari-arian para sa mga bata at kabataang nasa continuing care (patuloy na pangangalaga) gayundin ang mga batang walang legal na tagapag-alaga o nasa proseso ng pagpapaampon.

Bilang property guardian, ang PGT ay co-guardian ng Ministry of Children and Family Development at Delegated Aboriginal Child and Family Service Agencies para sa mga batang patuloy na nasa pangangalaga ng probinsiya.

Bilang property guardian, kapag naaangkop, ang PGT ang gumagawa ng mga legal na paghahabol para sa kabayaran sa mga pinsalang pinagdusahan ng mga bata at kabataan na nasa pangangalaga. Ang PGT din ang naghahabol para sa mga pinansyal na benepisyo kung saan ang bata at kabataang kliyente ay may karapatan, tulad ng mga benepisyo mula sa Canada Pension Plan Children's benefits at Registered Disability Savings Plans.

Maaaring tumawag nang libre sa pamamagitan ng Service BC. Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (sa ibaba), humiling na makausap ang PGT (regular na oras ng opisina 8:30am-4:30pm, Lunes hanggang Biyernes).

Vancouver	604.660.2421
Victoria	250.387.6121
Sa ibang lugar	800.663.7867

[www.trustee.bc.ca](http://www.trustee.bc.ca)  
email: [webmail@trustee.bc.ca](mailto:webmail@trustee.bc.ca)



March 2013

13-3#10

Child and Youth Services [Filipino]

## Mga Serbisyo para sa Mga Bata at Kabataan



PUBLIC GUARDIAN  
AND TRUSTEE OF  
BRITISH COLUMBIA

Ang mga legal na responsibilidad para sa pagprotekta ng interes ng mga batang menor de edad sa British Columbia ay ibinabahagi sa mga magulang, mga tagapag-alaga at ilang mga institusyong pampubliko at mga organisasyon.

Sa BC, ang mga bata ay menor de edad hanggang sa sumapit sila ng 19 na taon gulang.

Pinoprotektahan ng Public Guardian and Trustee (PGT) ang mga legal at pinansyal na interes ng mga bata at kabataan alinsunod sa awtoridad at mga batas sa probinsya.

Ang PGT Child and Youth Services ay nagtatrabaho sa ngalan ng mga bata at kabataan kasama ng kanilang mga magulang o mga tagapag-alaga.

## ANO ANG MGA SERBISYONG IBINIBIGAY NG PGT?

### Serbisyong Legal

Pinoprotektahan ng PGT ang mga legal na karapatan ng mga bata at kabataan sa pamamagitan ng pagrebaso ng mga ipinanukalang settlement o pakikipag-ayos na may kaugnayan sa iba't-ibang mga legal na paghahabol (legal claims), sa kanilang ngalan. Halimbawa, mga paghahabol na maaaring resulta ng medical malpractice, aksidente sa mga sasakyan at / o maling pagkamatay (wrongful death) ng mga magulang o tagapag-alaga.

Kapag ang halaga ng settlement ay \$50,000 o mas mababa, maaaring aprubahan o tanggihan ng PGT ang settlement.

Kapag ang halaga ng settlement ay mahigit sa \$50,000, magbibigay ang PGT ng isang nakasulat na rekomendasyon sa hukuman at ang hukuman ay magpapasya kung aaprubahan ang pinakahuling halaga ng settlement.

Ang mga pagrebaso o pagsusuri ang magtitiyak na ang settlement ay makatwiran at nasa pinakamabuting interes ng mga bata o kabataan.

Upang maprotektahan ang interes ng mga bata o kabataan na maaaring mayroong trusts at estates (pera o ari-ariang ipinagkatiwala), nirerebaso



ng PGT ang mga abiso sa mga aplikasyon upang pamahalaan ang estate ng taong namatay kapag ang isang bata o kabataan ay benepisyaryo o maaaring may karapatan sa share sa estate o trust.

Kapag ang PGT ay may paniniwala na ang interes ng isang bata o kabataan na nasa trust ay nasa panganib, maaaring imbestigahan ng PGT ang mga sirkumstansyang may kaugnayan sa trust sa ngalan ng bata o kabataan.

Sa ilang kalagayan, ang PGT ay maaaring sumang-ayon na maging isang litigation guardian (tao na gumagawa ng mga desisyon para sa isang menor de edad sa mga proseso ng hukuman) at maaaring magsimula ng legal action sa ngalan ng bata o kabataan upang maghahabol ng kabayaran para sa mga pinsala.

Halimbawa, ang interes ng bata o kabataan ay maaaring salungat sa interes ng kanilang magulang o tagapag-alaga, kapag ang bata o kabataan ay nasangkot sa isang aksidente sa sasakyan kung saan ang magulang ang nagmamaneho ng sasakyan.

Kapag nangyari ito at walang ibang taong nasa hustong gulang na handang protektahan ang interes ng bata o kabataan, ang PGT ang maaaring sumang-ayon na kumilos.

### Serbisyo para sa Trust

Ang ilang mga pondong natanggap ng isang bata o kabataan tulad ng mga perang mula sa isang settlement o iginawad na halaga para sa mga pinsala o mula sa isang insurance policy, estate o kautusan ng hukuman ay binabayaran sa PGT bilang trust para sa bata o kabataan.

Matapos na matanggap ang pera, idideposito ng PGT ang mga pondo sa isang account na kumikita ng interes na nasa pangalan ng bata o kabataan.

Lahat ng mga desisyon sa pagi-invest at paggasta ay nirerebaso at ginagawa ng isang PGT Guardianship and Trust Officer (GTO).

Kumukonsulta ang GTO sa mga miyembro ng pamilya at / o iba pang tao kapag gumagawa ng mga desisyon, kabilang ang pagtugon sa mga kahilingan na maglabas ng pondo mula sa trust para sa mga espesyal na pagkakataon.

Kinakailangang sumingil ng kabayaran o fees ang PGT ayon sa itinakda ng Fee Regulation of the *Public Guardian and Trustee Act* (Batas ukol sa mga Tuntunin ng Pagbayad para sa Public Guardian and Trustee). Ang mga kabayaran ay katulad ng mga pinahihintulutan para sa mga pribadong trustee.

Ang mga perang iniingatan sa trust ay ibinibigay sa bata o kabataan o kanilang legal na kinatawan pagsapit nila ng edad na 19, maliban kung may kautusan ng hukuman o nakasaad sa dokumento ng trust na ang mga pondo ay dapat ingatan sa mas mahabang panahon.

### Serbisyo ng Property Guardian (Tagapag-alaga ng Ari-arian)

Kapag ang mga bata o kabataan ay walang magulang o walang ibang puwedeng magprotekta